Pamantayan ng Pagsasagawa

Kodigo ng Pagkilos

College of Nurses of Ontario
Ordre des infirmières et infirmiers de l'Ontario
THE STANDARD OF CARE.

MGA NILALAMAN

Paunang Salita	3
Ano ang Kodigo ng Pagkilos	4
Unang prinsipyo	5
Ikalawang prinsipyo	6
Ikatlong prinsipyo	7
Ikaapat na prinsipyo	8
Ikalimang prinsipyo	9
Ikaanim na prinsipyo	10
Talahuluganan (Glossary) ng Kodigo ng Pagkilos	11

PANANAW
Nangunguna sa kahusayan sa regulasyon

TUNGKULIN
Pinangangasiwaan ang narsing para sa interes ng publiko

Kodigo ng Pagkilos Pamantayan na Pagsasagawa 49040

ISBN 978-1-77116-127-5

Karapatang Magpalathala © Kolehiyo ng Mga Nars ng Ontario, 2019.

Ipinagbabawal ang muling pamamahagi ng bahagi o buong dokumentong ito para sa layunin ng pangkalakal o upang pagkakitaan maliban na lamang kung may nakasulat na pahintulot ng CNO. Ang bahagi o buong dokumentong ito ay maaaring kopyahin nang walang pahintulot para sa personal o pang-edukasyong gamit, sa kondisyon na:

- Ang angkop na pagsisikap ay ginawa upang siguraduhin ang pagkawasto ng mga materyales na kinopya;
- Dapat kilalanin ang CNO bilang pinagmulan ng dokumento; at
- Ang kopya ay hindi inirepresenta bilang ang opisyal na bersyon ng mga materyales na kinopya o hindi ginawa nang may pag-eendoso ng CNO.

Para sa karagdagang mga kopya ng dokumentong ito, bisitahin ang www.cno.org o makipag-ugnayan sa aming Customer Service Centre sa 416 928-0900, tumawag nang walang bayad sa Canada sa 1 800 387-5526, o magpadala ng e-mail sa cno@cnomail.org.

College of Nurses of Ontario
101 Davenport Rd.
Toronto, ON M5R 3P1

www.cno.org

Ce fascicule existe en français sous le titre : *Code de conduite*, n° 59040

PAUNANG SALITA

Ang pinagtutuunan ng aming pansin sa College of Nurses of Ontario (Kolehiyo ng Mga Nars ng Ontario) ay ang pangangalaga sa publiko. Ang isang paraan kung paano namin ginagawa ito ay ang pagtatakda at pagpapatupad ng mga pamantayan ng pagsasagawa para sa lahat ng mga nars sa Ontario.

Ang Kodigo ng Pagkilos na ito ay isang pamantayan ng pagsasagawa na naglalarawan sa mga pananagutan sa publiko ng lahat ng mga nars sa Ontario. Ipinaliliwanag nito kung ano ang maaasahan ng mga tao sa Ontario at nagtatakda ng pamantayan para doon sa mga nasa propesyon ng narsing.

Noong ginawa namin ang Kodigong ito, mahalaga na magkaroon ng pagkakataon ang taong-bayan na magbigay ng mga puna. Sa panahon ng aming pagkokonsulta sa mga miyembro ng publiko, tinanong namin kung, "Ano ang inaasahan mo sa mga nars sa Ontario". Ang napagkaisahan ng nakararami ay ang isang nars ay dapat "palaging magbigay ng parehong pangangalaga ng narsing na nais mong matanggap ng isang mahal sa buhay".

Inilalagay ng Kodigong ito ang mga pasyente sa gitna ng pangangalaga ng narsing. Alam namin na mahalagang magkaroon ng" kumpidensiya ang publiko sa pangangalagang ibinibigay ng mga nars. Ang kaligtasan ng publiko ang aming pinakamataas na prayoridad. Sinusuportahan ng Kodigo ng Pagkilos na ito ang mga nars na makapagbigay sa mga pasyente ng pangangalaga na kanilang inaasahan at nararapat sa kanila.

Umaasa kami na makahulugan sa iyo ang Kodigong ito. Magiliw naming tinatanggap ang mga komenta ng publiko at anumang mga tanong mo tungkol sa maaaring maasahan mo kapag kapag tumatanggap ng pangangalaga ng nars.

Anne Coghlan, RN, MScN
Ehekutibong Direktor at CEO
Kolehiyo ng Mga Nars ng Ontario

Ano ang Kodigo ng Pagkilos?

Sinusuportahan ng College of Nurses of Ontario (CNO)[Kolehiyo ng Mga Nars ng Ontario] ang ligtas na pangangalaga ng nars sa mga mamamayan ng Ontario.

Upang matulungang gawin ito, ginawa namin ang isang kodigo ng Pagkilos (Kodigo) upang ipaliwanag ang pagkilos na maaasahan mo, ng publiko, sa mga nars kapag tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan. Lahat ng mga nars ay nananagot sa Kodigong ito.

Upang "magawa ang Kodigo, nirepaso namin ang pinakabagong pananaliksik tungkol sa mga inaasahan ng mga pasyente at ng publiko sa mga nars. Nirepaso din namin ang ibang mga dokumento tulad ng Ontario Human Rights Code at mga rekomendasyon sa Truth and Reconciliation Commission Report. Hinihikayat namin na repasuhin at isaalang-alang ng lahat ng mga nars ang mga dokumentong ito sa kanilang pagsasagawa.Bilang karagdagan, komunsulta kami sa mga miyembro ng publiko, mga nars, mga guro, mga tagapag-empleyo ng mga nars, mga samahan ng mga nars, mga unyon ng mga nars at sa pamahalaan.

Ang Kodigo ay binubuo ng anim na prinsipyo:

1. Ginagalang ng mga nars ang dignidad ng mga pasyente at tinatrato sila bilang mga indibidwal
2. Magkasamang nagtatrabaho ang mga nars para sa kapakanan ng pasyente
3. Pinananatili ng mga nars ang pagtitiwala ng mga pasyente sa pamamagitan ng ligtas at mahusay na pangangalaga
4. Magalang na nakikipagtrabaho ang mga nars sa kanilang mga ka-trabaho upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng mga pasyente
5. Kumikilos ang mga nars nang may karangalan upang panatilihin ang pagtitiwala ng mga pasyente
6. Pinananatili ng mga nars ang pagtitiwala ng publiko sa propesyon ng narsing.

Sinusuportahan ng isang set ng mga pahayag ang bawat prinsipyo. Ipinaliliwanag ng mga prinsipyo at pahayag na ito kung ano ba ang mahalaga para sa mga nars sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa trabaho. Ginagamit namin ang salitang "pasyente" sa buong dokumentong ito nang may malawak na kahulugan upang kabilangan ng mga indibidwal, mga pamilya, mga grupo, mga komunidad at mga populasyon.

Inaasahan ang mga nars na gamitin ang Kodigong ito kasama ng ibang mga pamantayan ng pagsasagawa ng CNO, na nagbibigay ng mas detalyadong patnubay para sa mga nars. Kung hindi matugunan ng mga nars ang mga pamantayan ng pagsasagawa, ang CNO ay maaaring gumawa ng aksyon.

Hinango ang dokumentong ito sa Code of Conduct for Nurses (Kodigo ng Pagkilos ng Mga Nars, 2012) ng Nursing Council of New Zealand nang may pahintulot nila. Ang mga salitang nilimbag sa **malalaki't maiitim na titik** ay inilalarawan sa talahuluganan (glossary).

PRINSIPYO 1

Ginagalang ng mga nars ang dignidad ng" mga pasyente at tinatrato sila bilang mga indibidwal

1.1 Tinatrato ng mga nars ang **mga pasyente** nang may pagmamalasakit at habag.

1.2 Nagpapakita ang mga nars ng paggalang sa kultura, pagkakakilanlan, mga paniniwala, mga pinahahalagahan at mga layunin ng mga pasyente.

1.3 Nagsisikap ang mga nars na panatilihin ang pagkapribado at dangal ng mga pasyente sa lugar kung saan sila pinangangalagaan.

1.4 Nakikinig ang" mga nars at **nakikipagtulungan** sa mga pasyente at sa sinumang tao na nais ng mga pasyente na isangkot sa kanilang pangangalaga.

1.5 Ang pangangalaga ng narsing ay hindi mapanghusga at libre sa diskriminasyon.

1.6 Pinagninilayan at tinutugunan ng mga nars ang kanilang sariling pagkilos at mga pinahahalagahan na maaaring makaapekto sa kanilang pangangalaga bilang nars.

1.7 Hindi ipinipilit ng mga nars ang kanilang sariling mga paniniwala at pagkiling sa mga pasyente. Kasama dito ang mga paniniwala ukol sa pulitika, relihiyon at kultura. Kung makita nila na ginagawa ito ng ibang mga miyembro ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan, namamagitan ang mga nars.

1.8 Kung sumasalungat ang sariling mga paniniwala ng isang nars sa plano ng pangangalaga sa isang pasyente, ang nars ay nagbibigay sa pasyente sa isang paraang ligtas, mahabagin at napapanahaong pangangalaga sa mga pasyenteng iyon hanggang ang ibang mga pag-aayos ay mailagay sa lugar.

PRINSIPYO 2

Magkasamang nagtatrabaho ang mga nars para sa kapakanan ng pasyente

2.1 Nagbibigay ang mga nars sa mga pasyente ng malinaw at napapanahong impormasyon. Kinakausap ng mga nars ang mga pasyente sa mga paraang naiintindihan nila at hinihikayat ng mga nars ang mga pasyente na magbigay ng mga puna.

2.2 Nagsisikap ang mga nars na matugunan ang mga pangangailangan sa wika at komunikasyon ng mga pasyente.

2.3 Nagpapakita ng paggalang ang mga nars sa mga karapatan ng mga pasyente at sinasangkot nila ang mga pasyente sa pagpapasiya ukol sa pangangalaga.

2.4 Humihingi ang mga nars ng pahintulot sa nararapat na mga tagapagpasiya kapag walang kakayahan ang mga pasyente na gawin ito.

2.5 Kinikilala ng mga nars ang karapatan ng mga pasyenteng ipahayag ang kanilang mga alalahanin. Tumutugon ang mga nars sa pamamagitan ng pagtulong sa mga pasyente na lutasin ang kanilang mga alalahanin.

2.6 Kumikilos ang mga nars bilang tagapagtanggol ng mga pasyente at tinutulungan silang makakuha ng nararapat na pangangalagang pangkalusugan.

2.7 Naiintindihan ng mga nars na maaaring may mga kakulangan na nakakaapekto sa mga kinalabasan ng pangangalaga at kalusugan ng pasyente sa ilang mga komunidad. Nakikipagtulungan sila sa mga pangkat ng pangangalagang pangkalusugan upang lutasin ang mga kakulangang ito.

2.8 Napapanahon ang pangangalaga ng nars. Kung hindi ito posible, ipinaliliwanag ng mga nars sa mga pasyente ang mga dahilan ng pagkaantalang ito.

PRINSIPYO 3

Pinananatili ng mga nars ang pagtitiwala ng mga pasyente sa pamamagitan ng ligtas at mahusay na pangangalaga

3.1 Ipinakikilala ng mga nars ang kanilang sarili, ang kanilang pangalan, apelyido, titulo at kanilang tungkulin sa mga pasyente.

3.2 Ginagamit ng mga nars ang nararapat na kaalaman, kasanayan at pagpapasiya kapag tinatasa" ang mga pangangailangang pangkalusugan ng mga pasyente.

3.3 Tinutugunan ng mga nars ang mga pasyente at handa silang tumulong kapag nagtatrabaho.

3.4 Kinikilala at nagtatrabaho ang mga nars sa loob ng mga limitasyon ng kanilang kaalaman, kasanayan at pagpapasiya at kanilang legal na saklaw ng pagsasanay.

3.5 Humihingi ang mga nars ng payo at nakikipagtulungan sila sa pangkat ng pangangalagang pangkalusugan upang pagtibayin ang ligtas na pangangalaga ng pasyente.

3.6 Pinananatili ng mga nars at patuloy nilang pinahuhusay ang kanilang **kakayahan**. Pinag-iisipan nilang mabuti ang kanilang pagsasagawa at taun-taon silang nagtatakda ng mga layuning pag-aaralan sa pamamagitan ng pakikilahok sa **Quality Assurance Program** ng CNO.

3.7 Gumagamit ang mga nars ng tamang impormasyon, tulad ng pananaliksik, upang ipaalam sa kanilang praktis.

3.8 Nagpapanatili ang mga nars ng, kumpleto, wasto at napapanahong dokumentasyon sa kanilang pagsasagawa.

3.9 Nananagot ang mga nars at nagsasanay sa ilalim ng, kaugnay na mga batas at **mga pamantayan ng pagsasagawa** ng CNO.

PRINSIPYO 4

Magalang na nakikipagtrabaho ang mga nars sa kanilang mga kasamahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga pasyente sa pinakamabuting paraan.

4.1 Propesyonal ang mga nars sa kanilang **mga kasamahan** at tinatrato sila nang magalang, pati na sa **social media**.

4.2 Nakikipagtulungan at nakikipag-ugnayan ang mga nars sa mga kasamahan sa isang paraang malinaw, mabisa, propesyonal at napapanahon.

4.3 Nakikipagtulungan ang mga nars sa ibang mga eksperto sa pangangalagang pangkalusugan upang pahusayin ang pangangalaga sa kanilang mga pasyente.

4.4 Sinusuportahan, pinapayuhan at tinuturuan ng mga nars ang mga miyembro ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan, pati na ang mga estudyante.

4.5 Gumagawa ng aksyon ang mga nars upang pigilan ang mga gawain na di-ligtas, walang kakayahan, di-etikal o labag sa batas, kasama na ang anumang uri ng pang-aabuso.

PRINSIPYO 5

Kumikilos ang mga nars nang may integridad upang panatilihin ang pagtitiwala ng mga pasyente

5.1 Pinangangalagaan ng mga nars ang pagkapribado ng **personal na impormasyong pangkalusugan** ng mga pasyente.

5.2 Hindi ibinabahagi ng mga nars sa social media ang impormasyon ng pasyente.

5.3 Agad-agad na kumikilos ang mga nars upang pigilan at protektahan mula sa kapahamakan ang mga pasyente.

5.4 Hindi tumatanggap ang mga nars ng mga regalo mula sa mga pasyente, maliban na lamang kung ito ay makasisira sa propesyonal na relasyon sa mga pasyente.

5.5 Hindi kumikilos ang mga nars bilang mga kapangyarihan ng abogado (o "power of attorney") o mga **kahaliling tagapagpasiya** ng mga pasyente.

5.6 Ipinapahayag ng mga nars ang anumang salungatan ng interes (o "conflict of interest") na maaaring makaapekto sa kanilang pagpapasiya. Kasama dito ang pampersonal, pinansiyal o pangkomersyal na interes ng isang nars.

5.7 Pinananatili ng mga nars ang integridad. Hindi nila ginagamit ang kanilang posisyon upang magtaguyod o magbenta ng mga produkto para sa **pansariling pakinabang**.

5.8 Pinananatili ng mga nars ang propesyonal na hangganan sa mga pasyente.

5.9 Ang mga nars ay hindi pumapasok sa anumang sekswal na relasyon sa mga pasyente habang nangangalaga sa kanila. Patuloy na umiiral ang batas na ito ito sa loob ng isang taon pagkatapos ng pagwawakas ng relasyon ng nars at pasyente.

PRINSIPYO 6

Pinananatili ng mga nars ang pagtitiwala ng publiko sa propesyon ng narsing

6.1 Ang mga nars ay nananagot para sa kanilang sariling mga kilos at desisyon.

6.2 Ginagalang ng mga nars ang ari-arian ng kanilang mga pasyente at mga tagapag-empleyo.

6.3 Malinaw na ipinababatid ng mga nars sa mga pasyente ang mga detalye ng pangangalaga o ng isang serbisyo na hangad nilang ipagkaloob.

6.4 Itinataguyod ng mga nars ang pagpapabuti sa kalidad ng kanilang kapaligiran ng pagsasanay upang suportahan ang ligtas na pangangalaga sa pasyente.

6.5 May tungkulin ang mga nars na iulat ang anumang pagkakamali, pag-uugali, isyu sa pagkilos o sistema na nakakaapekto sa kaligtasan ng pasyente.

6.6 Hindi nagpapraktis ang mga nars kung napahina sa pamamagitan ng anumang sustansiya.

6.7 May pananagutan ang mga nars sa pagpapanatili ng kanilang kalusugan. Hihingi sila ng tulong kung ang kalusugan nila ay nakakaapekto sa kanilang kakayahang makapagpraktis nang ligtas.

Talahuluganan (Glossary) ng Kodigo ng Pagkilos

Mga hangganan: Ang mga punto kung saan nagbabago ang relasyon mula sa propesyonal at terapewtiko patungo sa hindi propesyonal at personal. Inuuna muna ang mga pangangailangan ng mga pasyente sa terapewtikang relasyon ng nars at pasyente. Ang pagtawid sa isang hangganan ay nangangahulugan na inaabuso ng isang nars ang kanyang kapangyarihan at pagtitiwala sa relasyon upang tugunan ang sariling pangangailangan, o kumikilos sa isang hindi propesyonal na paraan sa pasyente. Ang hangganan ay maaaring sinasadya o hindi sinasadya

Nakikipagtulungan: Makipagtulungan nang magkakasama

Mga Kasamahan: Mga nars, ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at mga estudyante na kasangkot ng pangangalaga pasyente

Kakayahan: Ang kakayahan ng isang nars na patuloy na gamitin nang di-nagbabago ang kailangang kaalaman, kasanayan at pagpapasiya para sa ligtas, etikal at mabisang pagpapraktis ng narsing

Kultura: Natutunan at pinahahalagahang mga bagay, paniniwala, mga pamantayan at paraan ng pamumuhay na nakakaapekto sa pag-iisip, mga pasiya at mga kilos ng isang tao

Pasyente: Isang indibidwal, pamilya, grupo, komunidad o populasyon na tumatanggap ng pangangalaga, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa "mga kliyente" o "mga residente"

Pansariling kapakinabangan: Kalamangan o benepisyo, pinansiyal man o hindi, na natatanggap ng isang nars. Ang isang pansariling kapakinabangan ay maaaring maging kuwarta salapi, mga regalo at gantimpala o maaaring magbigay sa nars ng ibang pansariling kalamangan. Kasama sa pansariling kapakinabangan ang mga interes ng pamilya ng nars, mapagkawanggawang mga proyekto ("charitable causes") o mga organisasyon na tinatangkilik ng nars. Hindi kasama dito ang sahod o mga benepisyo ng ng isang nars

Personal na impormasyong pangkalusugan: Anumang nagpapakilalang impormasyon tungkol sa kalusugan ng katawan o isip ng mga pasyente, kasama na ang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng kalusugan ng kanilang pamilya

Quality Assurance Program: Isang programa ng CNO kung saan ipinapakita ng mga nars ang kanilang pagtatalaga sa pagpapatuloy ng kakayahan at pagpapabuti ng kalidad ng kanilang kaalaman, kasanayan at pagpapasiya sa pamamagitan ng pagsusuri sa sarili, pagsusuri sa mga pagsasagawa at pagsusuri ng kauri. Ang Quality Assurance Program ng CNO ay iniuutos ng *Regulated Health Professions Act, 1991*

Social media: Mga batay-sa komunidad na kasangkapan ng komunikasyon online (mga website at mga aplikasyon) na ginagamit para sa pakikipag-ugnayan, pagbabahagi ng nilalaman (content sharing) at pakikipagtulungan. Kasama sa mga uri ng social media ang mga blog o microblog (personal, propesyonal o di-kilala/anonymous), mga discussion forum, mga message board, mga social networking site at mga content sharing website

Mga Pamantayan ng Pagsasagawa: Ang mga inaasahan ng CNO para sa kung paano ang pagganap ng isang may-kakayahang nars. Tumutulong ang mga pamantayan ng pagsasagawa sa proteksyon ng publiko

Kahaliling tagapagpasiya ("substitute decision maker"): Isang tao, na tinukoy ng *Health Care Consent Act, 1996* na gumagawa ng isang desisyon sa panggagamot para sa isang tao na hindi makagawa ng kanilang sariling desisyon.

College of Nurses of Ontario
Ordre des infirmières et infirmiers de l'Ontario

THE STANDARD OF CARE.

Kodigo ng Pagkilos

Pamantayan ng Pagsasagawa

College of Nurses of Ontario
101 Davenport Rd.
Toronto, ON M5R 3P1

cno@cnomail.org
416 928-0900
Toll-Free in Canada
1 800 387-5526

Jan 2019
2018-208